MAKAPANGYARIHANG KAMAY

Ang makapangyarihang kamay
Walang awang sumasabunot
Sa malalagong tanim ng marihuwana.
Sinisipok tulad ng kagagapas na palay:
Minamandala sa loob ng mga sasakyan
At tinataya ang halaga.

Ang makapangyarihang kamay
Nagiging bayani sa mata ng sambayanan.
Ang dahilan: dami nilang naililigtas
Sa tiyak na pagkabulusok
Sa malalim na bunganga ng bilangguan
O sa malamig na balon ng libingan.

A, nangungusap ang mga pangyayari:
Naglalakihang titik sa mga pahayagan
Na kumikitil sa pag-asa ng bayan:
Mga tsapang dinamalan sa pagbebenta
Ng mga marihuwanang binunot sa mga dalisdis
Ng kabundukang ginawang pataniman!

A, makapangyarihang kamay
Na may kuping sa tsapa!